



Sa panahon ng **EL NIÑO** maging han**DA** at matalino



 Agri Tayo Soccsksargen

 @agritayosoccsksargen

 @agritayosoccsksargen

 @AgriTayoSOX

Ano ang epekto ng **EL NIÑO**?

Matindi ang epekto ng El Niño hindi lamang sa mga tao, kundi pati na rin sa agrikultura at pangisdaan na pinagkukunan ng pagkain. Dahil sa El Niño, mas umiinit ang temperatura at tumatagal ang tagtuyot. Naaantala rin ang pagsisimula ng tag-ulan, at nababawasan ang dami ng tubig-ulan.

Bagama't mas kaunti, inaasahan na mas malakas ang mga bagyo lalo sa pagpasok ng panahon ng Habagat. Ang mas malakas na bagyo ay maaaring magdulot ng pagbaha at pagguho ng lupa na makakaapekto sa mga pananim o mga alagang hayop.



Mga epekto ng El Niño sa pagsasaka, pangisdaan, at paghahayupan.

- ✓ Nalilimitahan ang suplay ng tubig
- ✓ Naantala ang panahon ng pagtanim
- ✓ Bumababa ang ani
- ✓ Nababawasan ang lugar na posibleng pagtaniman
- ✓ Nababawasan ang soil moisture
- ✓ Nagkakaroon ng mga sakit at peste sa pananim at alagang hayop
- ✓ Tumataas ang insidente ng heat stress sa mga alagang hayop
- ✓ Nagkakaroon ng fish kill
- ✓ Nagkakaroon ng malawakang coral bleaching at lumalaganap ang seaweek diseases

Kung hindi paghandaan ang panganib na dulot ng El Niño sa sektor ng agrikultura at pangisda, posibleng bumaba ang produksyon ng mga agrikultural commodities at kasabay nito ang pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin na maaaring magdulot ng kakulangan sa pagkain.

Maging hanDA sa El Niño para mabawasan ang pinsalang maidudulot sa ating mga magsasaka, mangisingda, mamimili at mamamayang Pilipino.

Paano maging HanDA?



Sa sakahan:

- ✓ Kumuha ng insurance sa Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC) para mabawasan ang pagkalugi
- ✓ Gumamit ng mga drought-tolerant at early maturing na barayti ng binhi
- ✓ Magtanim ng short gestation o short-cycle crops tulad ng munggo, mani, at soybean
- ✓ Gawin ang crop rotation method upang makaiwas sa peste
- ✓ Gumamit ng organikong pataba upang mapanatili ang kalidad ng lupa
- ✓ Mag-imbak ng tubig ulan
- ✓ Sundin ang alternate wetting and drying (AWD) method at low-cost drip irrigation system (LDIS)



Paano maging HanDA?



Sa pangisdaan:

- ✓ Pamahalaang mabuti ang paggamit ng feeds at tubig
- ✓ Magtakda ng maayos na schedule para sa pag-aani at pagkakatagal
- ✓ Maglagay ng angkop na lilim sa mga lugar na nakabilad at tinatamaan ng matinding sikat ng araw
- ✓ Suriin ang pond area at siguraduhing walang tagas
- ✓ Protektahan ang mga dike mula sa alimango at iba pang uri ng hayop na bumubutas o humuhukay
- ✓ Subaybayan ang kalidad ng tubig at fish stocks sa palaisdaan
- ✓ Gumamit ng malalakas na aerator at paikuting mabuti ang tubig sa pamamagitan ng mga spray pipe upang mabawasan ang toxic gas at maikalat ang oxygen

Paano maging HanDA?



Sa paghahayupan:

- ✓ Pabakunahan ang mga alagang hayop
- ✓ Magtanim ng drought-resistant na halaman na ginagamit bilang pakain sa hayop
- ✓ Kumuha ng insurance sa PCIC at iparehistro sa BAI ang mga farms
- ✓ Mag-alaga ng mga native na hayop
- ✓ Laging maglaan ng malinis na inumin tubig at malilim na lugar malayo sa direktang sikat ng araw ang mga alagaing hayop
- ✓ Siguruhin ang maginhawang kulungan at pagbibyahe ng mga alagain
- ✓ Kumonsulta sa lisensyadong beterinaryo



Maging HanDA at matalino, alamin ang mga pinakabagong ulat sa lagay ng panahon.


Makipag-ugnayan sa:


DEPARTMENT OF AGRICULTURE-REGIONAL FIELD OFFICE 12
Prime Regional Government Center, Brgy. Carpenter Hill,
City of Koronadal
ored@rfo12.da.gov.ph

Para sa karagdagang impormasyon:

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
Disaster Risk Reduction and Management Service
Elliptical Road, Diliman, Quezon City, 1101
+63 (2) 8929-0140
drrmc@da.gov.ph

 Agri Tayo Soccsksargen

 @agritayosoccsksargen

 @agritayosoccsksargen

 @AgriTayoSOX

#ElNino | Sa panahon ng El Niño maging hanDA at matalino!

Narito mga Ka-Agri ang mga tips para maiwasan ang epekto ng El Niño.

#BagongPilipinas

#MasaganangAgrikultura

#MaunladNaEkonomiya

#AgriTayoSoccsksargen